Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON AT KULTURA
(MINISTRY OF EDUCATION AND CULTURE)
Maynila

Hulyo 9, 1980

MEMORANDUM PANGMINISTRI
Blg. 148, s. 1980

PAGDIRIWANG SA LINGGO NG WIKA SA TAONG 1980

Sa: Mga Patnugot ng Kawanihan
Mga Patnugot ng Rehiyon
Mga Pinuno ng mga Lingkuran at Puno ng mga Yunit
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Pangulo ng mga Kolehiyo at Pamantasang Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Paaralang Pribado, Kolehiyo at Pamantasan

1. Ipagdiriwang ang Linggo ng Wika sa taong 1980 mula sa ika-13 hanggang sa ika-19 ng Agosto. Ang paksang diwa ng pagdiriwang sa taong ito ay "Pilipino: Tinig ng Kalayaan." Ang pang-araw-araw na paksa ay tulad ng sumusunod:

| | |
|---|---|
| Agosto 13 - Miyerkules | - Pilipino: Isang Hakbang sa Paglaya ng Mag-anak sa Tahanan |
| Agosto 14 - Huwebes | - Pilipino: Saligan ng Paglaya ng mga Mag-aaral sa Paaralan |
| Agosto 15 - Biyernes | - Pilipino: Batayan sa Paglaya ng mga Mamamayan sa Pamayanan |
| Agosto 16 - Sabado | - Pilipino: Gabay sa Pagkakaunawaan ng mga Kawani at Nanunungkulan Tungo sa Paglaya ng Bansa |
| Agosto 17 - Linggo | - Pilipino: Tanglaw sa Paglayang Ispiritwal at Moral ng Sambayanan |
| Agosto 18 - Lunes | - Pilipino: Tulay sa Paglayang Pangkabuhayan ng mga Mamamayan |
| Agosto 19 - Martes | - Pilipino: Tinig ng Kalayaan |

2. Ang lahat ng mga gawaing may kinalaman sa pang-araw-araw na paksa ay kinakailangang isagawa sa Pilipino upang matanim sa isip at damdamin ng lahat ng mamamayan ang kahalagahan ng sariling wika at ang pagkakaroon ng pagmamahal dito. Kalakip ng Memorandum na ito ang mga mungkahing gawain sa araw-araw sa loob ng isang linggong pagdiriwang.

3. Kinakailangang maganyak ang mga pangkaraniwang mamamayan upang makilahok at makipag-ugnay sa mga kilusang pangwika na magpapatingkad sa mga araw ng gagawing pagdiriwang. Ang pagtulong at pakikiisa nila ay lubhang mahalaga sa pagsasakatuparan ng mga layunin ng pagdiriwang.

4. Mangyaring isama sa taunang ulat ng mga tagapamanihala ng mga paaralan ang lahat ng mga gawain at iba pang kilusang isinakatuparan sa panahon ng pagdiriwang sa Linggo ng Wika.

(LGD.) ONOFRE D. CORPUZ
Minister ng Edukasyon at Kultura

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
Memorandum Pangministri: Blg. 182, s. 1978

Pamumudmod: 1-2-3-4--(D.O. 1-76)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS & OFFICES
CELEBRATIONS & FESTIVALS
REPORT
SOCIETY or ASSOCIATIONS

(Kalakip ng Memorandum Pangministri Blg. 148, s. 1980)

MGA PAKSA AT MUNGKAHING GAWAING PANG-ARAW-ARAW
SA SANLINGGONG PAGDIRIWANG

PAKSA: PILIPINO: TINIG NG KALAYAAN

Agosto 13 - Miyerkules - Pilipino: Isang Hakbang sa Paglaya ng Mag-anak sa Tahanan

a. Pagdaraos ng panimulang palatuntunan sa pagtutulungan ng paaralan at ng baranggay bilang pagbubukas ng pagdiriwang sa Linggo ng Wika
b. Pag-aanyaya sa mga magulang at iba pang kasapi ng mag-anak upang dumalo at makilahok sa mga kumperensiyang tatalakay sa kahalagahan ng Pilipino bilang sandigan ng paglaya ng mag-anak sa mga maling paniniwala at pag-uugali
k. Pagganyak sa bawat kasapi ng mag-anak na gumamit ng wikang Pilipino sa tahanan, sa kanilang mga pag-uusap at pagpapalitang-kuro

Agosto 14 - Huwebes - Pilipino: Saligan ng Paglaya ng mga Mag-aaral sa Paaralan

a. Pagpapaunlad sa mga Samahang Pangwika sa Pilipino
b. Paggamit ng wikang Pilipino sa mga pag-pupulong ng samahan
k. Paglahok sa mga debate at palitang-kuro na ang paksa ay nauukol sa wikang Pilipino bilang saligan ng paglaya ng paaralan sa mga impluwensiyang dayuhan
d. Pagsulat ng katha na pumapaksa sa wikang Pilipino bilang saligan ng paglaya ng isang mag-aaral sa mga impluwensiyang banyaga

Agosto 15 - Biyernes - Pilipino: Batayan sa Paglaya ng mga Mamamayan sa Pamayanan

a. Pagdaraos ng mga pulong pang-asemblea na tatalakay sa kasaysayan ng kalayaan ng bansa na may kinalaman sa wika
b. Pagtalakay sa mga pagbabagong naganap sa ilalim ng Bagong Lipunan
k. Pagdaraos ng pampamayanang paligsahan sa pagsulat ng tula, sanaysay, o pangulong tudling sa wikang Pilipino na ang paksa ay nauukol sa pagmamahal sa sariling kalayaan ng bayan

Agosto 16 - Sabado - Pilipino: Gabay sa Pagkakaunawaan ng mga Kawani at mga Nanunungkulan Tungo sa Paglaya ng Bansa

a. Pagdaraos ng seminar sa Pilipino tungkol sa paggamit ng korespondensiya ng opisyal
b. Pagdaraos ng simposyum sa Pilipino na ang paksa ay: Ang Pilipino Bilang Kasangkapan sa Pagkakaunawaan ng mga Kawani at mga Nanunungkulan sa Isang Bansang Malaya
k. Pagpapalabas ng mga memorandum, sirkular, bulitin at iba pang komunikasyon sa Wikang Pilipino

Agosto 17 - Linggo - Pilipino: Tanglaw sa Paglayang Ispiritwal at Moral ng Sambayanan

a. Pagdalo at pakikinig sa mga seremonyang may kinalaman sa pananampalataya na ipinahahayag sa wikang Pilipino
b. Pag-aanyaya sa mga puno ng sambahan upang magbigay ng mga panayam na nauukol sa kabuluhan ng ekumunismo at ng kalayaan ng bawat mamamayang pumili ng relihiyong kaniyang aaniban
k. Pagbasa at pagtalakay sa mga kasaysayan ng mga banal na nasusulat sa wikang Pilipino

Agosto 18 - Lunes - Pilipino: Tulay sa Paglayang Pangkabuhayan ng mga Mamamayan

a. Paglulunsad ng mga kampanya sa pagtangkilik sa mga kalakal na yaring Pilipino
b. Paglahok sa mga paligsahang nauukol sa mga lutuing tunay na Pilipino
k. Pagtatalakayan tungkol sa mga suliranin at kalutasan ng mga pambansang kabuhayan na magpapalaya sa bansa sa makadayuhang kapangyarihan at impluwensiya
d. Pagdaraos ng pampaaralan at pampamayanang pagtatanghal ng mga produktong yaring Pilipino

Agosto 19 - Martes - Pilipino: Tinig ng Kalayaan

a. Pagdaraos ng pangwakas na palatuntunang tatampukan ng mga awit, sayaw, dula at tugtuging Pilipino
b. Pakikinig at panonood ng mga pagtatanghal na panradyo at pantelebisyon ng mga pelikulang dokumentaryo na may kinalaman sa paglaya ng bansang Pilipinas